

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN.


ANG MGA BAKUNA AY LIGTAS PARA SA MGA MAG-ASAWA, BUNTIS AT BAGONG MAGULANG.

PROTEKTAHAN
ANG IYONG SARILI.
PROTEKTAHAN
ANG IYONG PAMILYA.
MAGPABAKUNA.



Ang pagpapabakuna ay isang paraan na ikaw ay manatiling malakas at malusog upang maari kang magpatuloy na makapagbigay para sa iyong pamilya. Kapag nagpabakuna ka, pinoprotektahan mo rin ang iyong mga anak, dahil mas mababa ang posibilidad na mahawa mo ang iyong mga mahal sa buhay.

ANG MGA BAKUNA AY SAFE




BAGO KA MAGKAANAK



HABANG IKAW AY BUNTIS



PAGKATAPOS MONG MANGANAK




KAPAG MAS MATANDA ANG IYONG MGA ANAK

ANG MGA BAKUNA AY

- ✓ **LIGTAS:** Ang bakuna ay napatunayang ligtas para sa milyon-milyong mga tao, kabilang ang iba-ibang mga lahi, etnisidad at edad. Mas malamang na magkakaroon ka ng malubhang komplikasyon mula sa impeksyon sa COVID-19 kaysa sa isang bakuna.
- ✓ **EPEKTIBO:** Pinoprotektahan ka ng bakuna laban sa pagkahawa sa COVID-19. Pinipigilan din ng bakuna na lubha kang magkasakit at mamatay kung ikaw man ay magkakasakit.
- ✓ **LIBRE:** An mga bakuna ay libre para sa lahat, anupaman ang iyong katayuan sa imigrasyon o kung ikaw ay may ID o medikal na seguro.

ANG MGA BAKUNA AY SAFE



BAGO KA MAGKAANAK

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas para sa mga kalalakihan at kababaihan na sumusubok na magbuntis o gustong magkaanak sa hinaharap.

Walang katibayan na ang mga bakuna ay magsasanhi sa hindi pagkakaanak ng mga kalalakihan o kababaihan.



HABANG IKAW AY BUNTIS

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at mariing inirerekomenda para sa mga buntis. Libu-libong buntis ang ligtas na nabakunahan nang walang mga problema para sa kanila o sa kanilang mga sanggol.

Ang mga buntis ay mas malamang na lubhang magkakasakit kung mahawa man sila ng COVID-19. Mayroon din silang mas mataas na panganib ng preterm na panganganak.

Ang bakuna sa COVID-19 ang pinakamainam na paraan upang protektahan ang iyong sarili at iyong pamilya mula sa mga komplikasyon na dulot ng COVID-19.



PAGKATAPOS MONG MANGANAK

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at mariing inirerekomenda para sa kababaihang nagpapasuso.

Kapag ang mga tagapagbigay ng pangangalaga ay tumanggap ng bakuna sa COVID-19, pinoprotektahan rin nila ang kanilang bagong silang:

- Ay gatas ng ina ay maaaring maglaman ng mga antibody na tutulong na protektahan ang kanilang mga sanggol mula sa COVID-19.
- Ang bakunadong tagapagbigay ng pangangala ay may mas mababang posibilidad na mahawaan ang kanilang sanggol na masyado pang bata upang mabakunahan.



KAPAG MAS MATANDA ANG IYONG MGA ANAK

Ang mga bata at kabataan na may sapat na gulang upang mabakunahan ay pinakaligtas kapag silay ay mabakunahan.

Pinoprotektahan ng bakuna ang lahat, kabilang ang mga bata at kabataan, mula sa pagkahawa sa COVID-19. Pinipigilan din ng bakuna ang mga bata at kabataan mula sa malubhang pagkakasakit kung magkakasakit man sila.

Hindi pipigilan ng bakuna ang iyong anak mula sa pagkakaroon ng sarili nilang mga anak sa hinaharap. Hindi naaapektuhan ng bakuna sa COVID-19 **ang pagbibinata o pagkamayabong sa hinaharap.**

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI.
PROTEKTAHAN ANG IYONG PAMILYA.
MAGPABAKUNA.



Para sa karagdagang impormasyon: cdc.gov/coronavirus